

PROLOGUE

He could hear a siren screaming from afar.

Nanunuot ang mainit na usok sa kanyang ilong. Sinubukan niyang igalaw ang mga binti pero may nakadagan doon. Iminulat niya ang mga mata pero wala siyang makita maliban sa lumalangoy na mga kulay at sa gumagapang na kadiliman sa gilid ng kanyang paningin.

Muli siyang pumikit.

What the hell happened? Where was—

Parang may pumupukpok na martilyo sa likod ng kanyang sentido.

Christ, it hurts.

Pinilit niyang gumalaw kahit tila dinudurog ang bawat buto niya sa bawat paghinga.

He had to go somewhere. It was important.

He had to call someone. He had to reach her. He had to—

May sumigaw sa labas pero parang galing iyon sa likod ng isang makapal na kumpol ng bulak.

Shattered Memories - Dior Madrigal

Sinubukan niya ulit dumilat, pero tila nahuhulog siya.

Palayo nang palayo ang liwanag. Sinubukan niyang abutin ang maninipis na hibla ng ilaw, pero sumayaw ang mga iyon palayo sa kanya.

Ikinuyom niya ang palad, nagngangalit ang mga ngipin.

Blood. There was so much blood on his hands.

No. He didn't want that. He couldn't be like that. He would never be like that.

Blood, coating his hands.

No. No.

He didn't want to see it. Didn't want to remember it.

May gusto siyang makita. Pero sino? *Sino?* Hindi siya sigurado.

“Sir, ilalabas po namin kayo,” sigaw ng kung sino.

Tuluyan siyang nahulog sa kadiliman.

1

Stop! Stop!

Ayaw nitong tumigil. Suminghal ito sa kanyang tainga para patigilin siya. Naramdaman niya ang isang nagliliyab na sakit sa kanyang braso at sumigaw siya. Nasa buong katawan niya ang mga kamay nito, sa buhok niya, sa mukha, dinidiinan ang nabaling buto sa kanyang braso. Pilit niya itong nilabanan.

“Inigo? Inigo?”

May tumatawag sa kanya. Pamilyar ang boses. Madalas niya iyong naririnig nitong mga nakaraang araw. Maging sa gabi. Hindi niya sigurado.

The nightmare wouldn't end.

Nanatiling umiihip ang mainit na paghinga sa kanyang tainga.

God, he hated him. He hated him.

Blood. God, there was so much blood. On his face, in his mouth, on his hands.

Someone laughed. Feminine, throaty, and like a blast of light, it tore through the thick darkness

surrounding him.

Bumilis ang tibok ng kanyang puso, at umigkas ang ulo niya sa pinanggalingan niyon. Dahan-dahan, pumusyaw ang dilim, nawala ang sakit. Nawala ang bigat na nakadagan sa kanya. Pumusyaw ang dugo at tuluyang nawala.

Jerk, someone said. And he couldn't help but smile.

“Inigo? Inigo?”

Iminulat niya ang mga mata, mabibigat ang mga talukap.

Blurry colors surrounded him. Cream walls, soft lights, a worried face.

“Oh, God! You're awake!”

Pumikit ulit siya at maingat na huminga. Muli niyang iminulat ang mga mata at unti-unting tumingkad ang malalabong kulay.

Natalie's watery brown eyes stood out from her pale face. Her lips trembled, and tears slid down her cheeks.

“Thank God, you're awake.”

Lumibot ang paningin niya sa paligid.

“The doctor’s coming. Your mom, too. She’s just taking a call. Oh, God, you’re awake. You’re awake...”

Rinig niya ang pag-iyak nito, ang paulit-ulit na pagtawag sa kanyang pangalan. Gusto niyang sabihing tumahan ito, pero mabilis ang pagtibok ng kanyang puso. Patuloy ang pagsuyod ng mga mata niya sa paligid.

“Water? You want water? Here.” Inalalayan siya nito para makainom mula sa straw na nasa baso pero ipinilig ni Inigo ang ulo.

Pinilit niyang umupo pero pinigilan siya nito.

“Don’t move, you’re not—”

“I’m fine.”

Boses ba niya iyon? It felt like someone had poured scorching sand down his throat.

“Inigo—”

Bumukas ang pinto at humahangos na pumasok ang kanyang ina.

“Oh, God, Inigo!”

In a flutter of silk and the scent of *Chanel Number Five*, Mariella Azcona crumbled on the chair beside his bed. “You’re awake! Thank God, you’re awake!”

Nalusaw ito sa mga luha.

Natuon ang mga mata niya sa pinto.

“Inigo? What’s wrong? Does it hurt anywhere?”

Sinakop ng palad ni Natalie ang kanyang pisngi, pilit ibinabalik ang tingin niya rito.

Namumula ang mga mata nitong puno ng luha. She was beautiful even in her distress. Wala nang bago roon. Natalie would look beautiful even in dirty rags.

Umiling siya. “I’m okay.”

Inabot niya ang tubig mula kay Natalie at pinilit uminom. The water soothed his parched throat.

“What happened?” Parang kinarit pa rin ang kanyang lalamunan sa sakit. “Why am I here?”

“You don’t remember?” Maingat na pinunasan ng ina ang luha para hindi magambala ang perpekto nitong makeup. “You were in a car accident.”

Bumukas muli ang pinto at matalas na umangat ang mukha niya roon. Pumasok ang isang doktor at nurse.

“Check his vitals,” utos ng doktor.

Sumara ang pinto pero nanatili ang mga mata niya roon.

He could feel his heart hammering inside his chest, could feel a ball of anxiety hardening in his gut.

The doctor and the nurse fussed around him, checking the beeping monitors and the IV tree beside his bed. But his gaze remained fixed on the door.

“Everything’s stable. We weren’t expecting you to be conscious until tonight. Mahilig ka talagang manggulat. It’s good to have you back though, Inigo.”

Pinilit niyang iiwas ang titig sa pinto at ibinaling iyon sa kaibigang doktor. Malapad ang ngiti ni Carlo sa kanya.

“What happened?” Magaspang pa rin ang kanyang boses.

“He doesn’t remember about the accident, Doc,” untag ng kanyang ina.

Tumango ang kaibigan sa nurse at tinanggap ang clip board na ibinigay nito.

“That’s not uncommon. Kagigising lang niya at medyo disoriented pa ang utak niya.”

“I’m here. Why don’t you explain it directly to

me?”

Halos mapunit sa isang malaking ngiti ang pisngi ni Carlo. “See? There’s our Inigo! Still all tough and grumpy.”

In another time and place, he would have made an equally trite response. But he was too disoriented, too edgy to find humor in the situation. “Give it to me straight, Carlo. What happened to me?”

Dahil si Carlo ay si Carlo, nakangiti nitong tinanggap ang init ng kanyang ulo at umupo sa gilid ng kanyang kama.

“What do you remember?”

Kailangan niyang tumitig nang madiin sa puting kubrekama bago niya masagot ang tanong. Wala sa sariling napatitig siyang muli sa pinto, ipinilig ang ulo at sandaling pumikit.

“A meeting. A special Board of Directors’ meeting to approve the acquisition of the total issued and outstanding capital stock of *Metal Dredging, Inc.* and its nominees. We’ve already finalized the deal. The remaining capital stock of *Metal Dredging, Inc.* should be offered to *Centralport 700, Inc.* and to the other subs—”

“Okay, that’s pretty detailed,” Carlo interrupted. “That’s good. But that’s three months ago, Inigo. Nabasa ko ’yan sa *Businessweek* n’ung January. What else do you remember?” Inilapit nito ang mukha sa kanya. “You remember me, don’t you?”

Itinulak niya ito sa balikat at tumawa ito.

“Ano’ng ibig sabihin n’un, Doc? Is it serious?” Mukhang mapupunit ng ina ang panyo nito sa paglamukos nito roon.

“Let’s hope not. Your last PET scan showed reduced swelling in your brain as expected. The medically induced coma helped you heal quite nicely. You’ll undergo another scan tonight. How are you feeling?”

Tiim-bagang siyang napatitig ulit sa pinto. Nanatili iyong sarado. The ball of anxiety remained heavy in his gut.

“Fine,” pakli niya.

“You were in a car accident about two weeks ago. Ulo mo ang pinakanatamaan. You had a traumatic brain injury and we had to induce a coma to protect other parts of your brain. You have a hell of a lot of bruises, lacerations and a few bone fractures but they’re all healing nicely. You’ve been out for eleven

days.” Iwinagayway nito sa kanyang mukha ang tatlong daliri nito. “How many fingers am I holding up?”

Impatience frayed his nerves, but he only replied dryly, “Three.”

Tumawa ulit ito. “Okay, hindi naapektuhan ang sense of humor mo. That’s good. You obviously remember us. But your last memory is from three months ago. Naalala mo ang birthday party ni Pete n’ung isang buwan?”

Umiling si Inigo, matamang nakatitig sa kaibigang doktor.

“*Litmus Club*? No?”

Malinaw sa kanya ang *Litmus Club*. Isa iyong exclusive bar and restaurant na itinayo niya limang taon na ang nakakaraan. Madalas sila doon ng mga kaibigan pero hindi niya maalala ang tinutukoy ni Carlo na birthday ni Pete.

Parang usok na umiikot sa kanyang isipan ang ilang mga larawan, mga mukha, ang tawanan, isang matingkad na pulang kulay. Pilit niyang inabot ang mga iyon pero dumulas ang mga imahe sa kanyang pagkakahawak.

Tiim-bagang siyang umiling.

“But you remember Pete, of course?”

It was a medical exam, he reminded himself, and tamped down his impatience. “High school classmate, owner of *Clique*. He just broke up with Jillian.”

“That was four months ago. You don’t remember that he proposed to her last month?”

Muli, tiim-bagang siyang umiling.

“Don’t get frustrated. It’s okay. Kagigising mo lang, disoriented ka pa. So you don’t remember Ol—”

“Doc! Siguro dapat pagpahingahin na muna natin si Inigo.” Tumayo ang ina at ngumiti sa doktor.

Irritation swelled in his gut. “I don’t need to rest. Kagigising ko lang.”

“No, your mom’s right. ’Wag nating biglain ang utak mo. We’ll run more tests tonight. Don’t stress yourself, okay?”

“I said I’m okay. What happened. Where’s Hugo?”

Sandaling natahimik ang mga kasama at bumugso ang kaba sa kanyang mga ugat. Sumaksak sa kanyang isipan ang imahe ng matandang lalaki. Matangkad, matipuno sa pormal na Barong Tagalog

na uniporme nito.

Car accident, they said.

Isa pang imahe ang matingkad na dumingas sa kanyang isipan, ang duguang imahe ng matandang nakahiga sa mga bubog mula sa basag na salamin.

“Where the hell is he?”

Sinubukan niyang tumayo pero maagap siyang hinawakan ni Carlo sa balikat.

“Calm down. He’s okay but he’s not here. He’s recuperating at home. Hindi kasing-lala ng injuries mo ang mga injuries niya. We’ll call him to let him know you’ve woken up.”

Tinapakan ni Inigo ang pagnanais na itulak ang kaibigan at tumakbo sa pinto. Si Hugo. Okay lang ito. The man had been more like a father than a bodyguard or chauffeur to him.

Father.

Umikot ang kanyang sikmura.

Lumangoy ang ilang malalabong imahe sa kanyang isipan. Bitterness and fury coiled in his gut and he didn’t know why.

His father was a rapist and a murderer. Hindi

iyon nabura sa alaala niya. Sapat iyon para kamuhian ito ng kahit na sinong anak nito. But there was something else.

Napatiim-bagang siya at binalingan ulit ang doktor.

“Ba’t di ko maalala ang mga nangyari nitong nakaraang tatlong buwan? Saan ako naaksidente? Bakit? Sino’ng nagpapatakbo sa opisina? I need Francis to report tomorrow morning.”

“But, Inigo—”

“I’m okay, Mom.” Wala sa sariling lumibot ulit ang paningin niya sa paligid. Tumigil muli ang mga mata niya sa nakasarang pinto at kumalat ang pait sa kanyang bibig. “I need my laptop and phone. Dala ko ba sila n’ung naaksidente ako? Nasira ba sila?”

“No, you didn’t have your laptop with you. But you had your phone with you during the accident. Fortunately, it wasn’t damaged.” Binalingan ni Carlo ang kanyang ina. “Auntie, you have his things, yes?”

“But, Doc—”

“It’s okay. His scans were good. And we both know we can’t stop Inigo from doing what he wants.” Matabang na ngumiti ang kaibigan. “You were in an

accident more than two weeks ago. Nabangga kayo ng isa pang sasakyan. Sabi ni Hugo, nag-overtake 'yung sasakyan sa likod ng bus na kasalubong ninyo. Tumakas 'yung driver. The car, it turned out, was stolen.”

“You don’t remember the last three months?”
usal ni Natalie sa tabi niya.

Napatitig si Inigo rito.

Ngayon lang ulit ito nagsalita magmula nang pumasok si Carlo. Maaaninag ang pagod sa mga mata nito pero hindi niyon maikukubli ang ganda ng dalaga. Pale and delicate, she looked like a fragile princess waiting for her knight in shining armor. Iyon din ang unang naisip niya nang una niya itong makita noong nasa college pa sila. His friends used to joke how he was like her perfect prince. That was far from the truth. He had never been a prince, not when they were together, not now years after.

“So it seems,” sagot ni Carlo para sa kanya. “Auntie, Natalie, please step out of the room for a minute. I need to do some tests on Inigo here. Rose Anne,” tawag nito sa nurse.

Tumango ang nurse at inalalayan ang kanyang ina papunta sa pinto. Kahit gusto pa ring magprotesta,

napilitang sumunod ang ina rito.

Inabot nito ang kanyang kamay pero maagap niyang iniwas iyon. Iniwas niya rin ang tingin dito. Tila alalang-alala ito sa kanya. Nasaan ang pag-aalalang iyon noong kailangan niya? Nanikip ang kanyang sikmura at may mabigat na pumintig sa likod ng kanyang mga mata.

Saan nanggaling ang mapait na damdaming iyon?

Natalie gave him one last lingering look before going out of the door.

“She still has the hots for you,” nakangising biro ni Carlo.

Hindi umimik si Inigo. Natagpuan niya ang mga matang nakatuon muli sa pinto.

Three months. He forgot three months of his life. And some parts of his childhood, too. There were gaps, little holes in the fabric of his memory. It was a more common form of retrograde amnesia, his friend explained. Mas madalas daw mangyari na makalimot ang isang pasyente na may traumatic brain injury ng ilang maliliit na bahagi ng buhay nito

kaysa mawala ang lahat ng alaala nito. Mas madalas, ang nalilimutan ay iyong mga alaalang nangyari bago ang aksidente. Pero kasabay niyon, maaari ring kasamang malimutan ang ilang bahagi mula sa kabataan ng pasyente—*niya*.

Inigo went through a series of tests. He was questioned about his family and life to determine what he might have forgotten.

He forgot the last three months prior to the accident. He lost some memories of his childhood, too, particularly his interactions with his father.

It shouldn't worry him, Carlo said. Maaaring maalala niya muli ang mga iyon. Kailangan lang niyang maghintay nang kaunti.

Maganda ang resulta ng scan ni Inigo. Walang nakitang permanenteng pinsala sa kanyang utak. Walang lesion, walang structural damage. May kaunting pamamaga lamang ang ilang bahagi, at maaring iyon ang dahilan ng pagkalimot niya. Pero kung hindi na maibabalik ang ilang mga alaala, hindi raw iyon ganoon kasama. It was just three months, the doctor said. He could easily access files in his office and computer to retrieve the information and update himself about forgotten transactions and meetings. And those little bits of lost childhood

Shattered Memories - Dior Madrigal

memories were probably nothing. It was not the end of the world. Losing three months and a couple of childhood memories wouldn't kill him.

His mother wept with relief, and resentment burned in his gut.

Cold, he realized. He felt cold toward his mother.

Why?

Sandali siyang pumikit at malinaw niyang nakita sa isipan ang pagpatak ng mga luha nito kanina. Parang gusto niyang mapait na tumawa. Sa bawat pag-abot nito sa kanya, hindi niya mapigilang iiwas ang mga kamay rito.

Bumukas ang pinto at umigkas ang ulo ni Inigo sa direksyon niyon. Blood rushed into his head. His heart thudded crazily inside his chest.

Alanganing ngumiti ang nurse nang makita ang titig niya.

Iniwas niya ang tingin dito.

He had to clench his fists to stop himself from breaking something.

What the hell was it? What was he waiting for?
Who the hell was he waiting for?

“Sir, ’yung mga gamit n’yo po.”

Inilapag ng nurse sa breakfast tray ang isang pamilyar na itim na file case at laptop.

Tiim-bagang siyang tumango at sandaling pumikit. “Thank you. You may go.”

Tahimik itong lumabas ng silid.

He turned on the laptop and encoded his password.

Hindi nito tinanggap ang kanyang password.

He smiled grimly.

For protection, nagpapalit siya ng password kada apat na buwan. Ayon sa calculation niya, his loss of memories notwithstanding, sa isang buwan pa siya dapat magpapalit.

Ang phone at tablet ang sunod niyang sinubukan.

Invalid password din ang sagot ng mga ito sa kanya.

“Not important, huh?” pakli niya sa sarili.

Carlo was wrong.

Something important had happened within those three months. He may have forgotten those three

months but he remembered who he was. He knew who he was. He was a man of rigid structure. Hindi niya papalitan ang mga passwords na iyon nang wala sa schedule kung hindi importante.

Inabot ni Inigo ang tablet na iniwan ni Carlo. Naisip nitong baka nakalimutan niya ang kanyang mga passwords kaya iniwan nito ang isang tablet para sa kanya. He didn't bother explaining his routine to his friend for contingency purposes. At tama siya. He hadn't forgotten that about himself, either. He never took chances. He always made sure he got things right.

He typed his name on the search bar of a search engine. Dozens of pictures and business-related articles appeared on the screen. Nilagpasan niya ang mga business articles at pinindot ang picture gallery.

The media had been hounding him for the last ten years, his lifestyle, his non-relationships and the women he dated, the media had been feasting on them like vultures attacking a rotting corpse.

Hindi niya alam kung ano ang hinahanap niya, kung ano ang gusto niyang makita. But he needed impressions, if nothing else.

January ang date ng unang picture. Isa iyong

after-party ng isang fashion show. There was a polite smile on his face for the camera, and Geneva dela Torre, socialite extraordinaire, on his arm. He clicked another picture of him and Geneva. He had dated the hotel heiress for a brief period in January, he remembered that. Isang modelo ang kasama niya sa isang February photo sa isang gala. Isang artista sa sumunod. Isang fashion designer sa isa.

Nagsisimula nang mag-init ang ulo ni Inigo.

Fighting back edginess, he clicked on another picture. And his heart stopped beating. It was a punch to the gut, a blow that had him reeling. He stared, forgetting how to breathe for a moment.

The woman was tall, slim, almost lanky. She was frowning at him in the picture, her brown eyes narrowed and annoyed. He was grinning at her, his arms draped around her shoulders to pull her into an embrace.

He could only stare at her for a moment, his eyes devouring every inch of her face. Deep set eyes, a stubborn chin, pouty lips. He memorized every curve and line, hungry to reclaim the forgotten memory, furious to have lost it for even just one second.

Lumipad ang mga daliri niya para i-click ang

article kung saan nakuha ang picture.

Inigo Azcona's flavor of the month: who is she?

Last week ng March ang article. First week ng January ang huling memorya niya. Bumaba ang mga mata ni Inigo para hagurin ang article at hindi niya napigil ang pagtatagis ng mga ngipin nang walang pangalang binanggit para sa dalaga.

Nag-click siya ng isa pang larawan.

Sila ulit iyon. It was another candid shot. Sa labas iyon ng isang low-cost condominium na pagmamay-ari niya. Nahuli ang dalagang naghihikab sa larawan habang magkahawak ang mga kamay nila. Naka-track pants ito at naka-gym shorts siya. Her messy hair looked like a bird's nest, her eyes droopy from sleep. Puwedeng pasukan ng langaw ang bibig nito sa laki ng paghikab nito.

She was beautiful.

Again, the article didn't give her a name.

Pipindutin na niya ang nurse call button para tawagin si Carlo at ipaluwa rito ang pangalan ng babae nang mahuli ng kanyang mga mata ang isa pang picture.

This time, it was a formal event.

Shattered Memories - Dior Madrigal

Sinunggaban niya ang article na parang pating na nakaamoy ng sariwang dugo.

Awarding ceremony iyon ng *Creative Young Entrepreneur Award* ng *Junior Chamber International*. Noong isang buwan lang iyon, approximately five weeks ago.

She wore a simple black dress designed to torture the male population. The soft material followed her subtle curves, accentuating those high breasts and slim waist. He was in a suit and black tie, his arm around her waist, his lips pressed against her ear as if he was murmuring something.

She was smiling, and f*ck him, it stirred something suspiciously tender in his chest.

Parang tambol na tumitibok ang puso, hindi napigilan ni Inigo na paglandasin ang mga daliri sa larawan ng babae sa screen. Sinundan ng kanyang mga daliri ang kurba ng leeg nito. She had a gorgeous neck, slender and smooth. His mouth watered, his tongue craving to taste that creamy flesh.

If someone asked him a few minutes ago kung ano ang mga nakahuhumaling na parte ng katawan ng babae, hindi lalabas ang leeg sa listahan niya. Hindi na ngayon. He could think of nothing but

sucking the smooth skin of her neck as he buried himself inside her.

Dumaan ang mga daliri niya sa panga nito, sa mapupula nitong labi. Had he touched her like this in real life?

Yes, he decided with fierce certainty. He had.

He ran his eyes over the photo caption and stopped at the woman's name.

Olivia Romero.

Relief, sweet and dizzying in its intensity, rushed through him in waves. His muscles weakened, the heavy coil of anxiety in his gut loosening a fraction.

“Olivia,” he breathed, tasting her name on his tongue, savoring it like exquisite wine.

Tinipa niya ang pangalan nito at ang pangalan niya sa search engine. Ilang larawan ang sumulpot ulit sa screen.

Pinindot ni Inigo ang isang litrato mula sa isa na namang formal event.

They were smiling at each other, their foreheads touching. He found himself grinning like an idiot at the corny sweetness of the image.

Shattered Memories - Dior Madrigal

Hindi sweet ang sumunod na larawan. Kuha iyon mula sa malayo, pero naka-zoom in. They were inside his car, their mouths fused in a heated kiss.

Nag-init ang dugo niya at lumalim ang kanyang paghinga.

He could almost taste her on his tongue, could almost feel the texture of her hair wrapped around his fingers. Her scent, her scent, what was it?

Tumiim-bagang si Inigo at pilit inalala ang samyo nito. Sumasayaw iyon sa gilid ng kanyang isipan, tila mga hibla ng liwanag na dumadapo sa kanyang mga daliri. Pero dumudulas iyon sa kanyang palad kahit anong pag-abot ang gawin niya.

Gusto niyang sumigaw at magbasag ng kung ano.

Gritting his teeth, he clicked on another picture. And froze.

“No,” he bit out.

Sila iyon ni Natalie.

Sa isang restaurant iyon, nakataas ang sulok ng kanyang mga labi at nakangiti sa kanya ang dating nobya.

Ang buhol sa kanyang sikmura na lumuwag na

Shattered Memories - Dior Madrigal

nang matuklasan niya ang pangalan ni Olivia ay muling bumigat at humigpit sa nakita niya. Bumaba ang kanyang tingin sa date ng larawan.

It was three weeks ago, approximately a week before his accident. He clicked on another picture.

Umahon ang takot at balisa sa kanyang lalamunan.

Si Natalie ulit ang kasama niya.

It was a black tie event, ribbon cutting ceremony ng isang building na kanyang pagmamay-ari. Nakalapat sa likod ng dalaga ang isa niyang palad, malapit sa tainga nito ang kanyang bibig. Nakatawa si Natalie sa kung anuman ang sinabi niya.

It was taken the same week as the last photo.

Napatiim-bagang siya at napakuyom ng palad.

He clicked on another picture, and another.

Nagbaga ang mabigat na bola ng frustration sa kanyang sikmura.

“No,” he repeated, his teeth grinding in a mix of frustration and anger.

It was all the same.

Siya at si Natalie sa isang dinner, sa isang sports

event, sa isang charity function. Lahat ng iyon ay kinuha sa linggo bago ang aksidente niya.

Mariin siyang pumikit, nagngalit ang mga ngipin.

Hinagilap ni Inigo ang telepono sa bedside table. Pero bago pa niya ma-dial ang home number ni Hugo, bumukas ang pinto at pumasok ang kanyang bodyguard at chauffeur.

Naka-sling cast ang isang braso nito pero maliban doon, mukhang typical na bodyguard ang hitsura ng may edad na lalaki. The former Scout Ranger looked every bit as intimidating as any hard-ass bouncer in any high-class club.

Pamilyar ang presensya nito, isang tao na alam niyang maasahan niya kahit ano ang mangyari. Ninamnam niya ang pakiramdam na iyon sa loob ng isang segundo.

Hindi siya nagpaliguy-ligoy. “Hugo, you’re just in time. Get me Olivia Romero’s files.”

2

“Stop...”

Marahas ang paghinga nito sa kanyang tainga. Naaamoy niya ang alak at sigarilyo roon.

“Stop...”

Have you been bad, little girl?

“Stop!”

You can't run away from me. You're mine. Mine!

Bumalikwas ng bangon si Olivia sa sofa. Bullets of sweat trickled down her temples, neck, and spine. Sinalubong siya ng matingkad na liwanag ng sala. Itinaboy niyon ang natitirang mga sapot ng kanyang panaginip.

Mariin siyang pumikit at humugot ng hangin. Nanginginig siya, nilalamig, pero alam niyang walang kinalaman iyon sa timpla ng hangin ng AC.

“It’s okay,” she told herself, wrapping her arms tightly around her. “It’s okay.”

Alam niyang hindi totoo iyon.

Sinulyapan niya ang orasan sa taas ng flat screen TV. Alas diez quince pa lang. Naging isang oras ang dapat ay twenty minutes na power nap niya. Nakakalat ang ilang mga programming books sa kanyang coffee table. Inayos niya ang mga gamit, isinara ang laptop, pinipilit ang sariling maging abala para tumigil ang mga ugong sa kanyang isipan.

Tumunog ang phone at nanigas ang kanyang mga daliri.

It shrilled in the silence, an ominous threat amidst her thundering heartbeat. She told herself not to answer it, to just let it keep on ringing. It would go away if she ignored it.

He would go away if she ignored him.

Pero alam niyang kasinungalingan din iyon.

Hinablot niya ang phone sa cradle. “You sick bastard.”

Tumawa ang lalaki sa kabilang linya. Mabigat iyon at magaspang, tila mga bloke ng semento na dumadagan sa kanyang dibdib.

“Dear Olivia, still sweet and delicate.” Kinakaskas ng magaspang nitong boses ang kanyang balat, ang kanyang kaluluwa.

“Call again and I’m calling the cops.”

“Ah, we don’t want that, do we? Ano na lang ang mangyayari sa mommy mo?” His sick taunts had her gritting her teeth.

Calm down, she reminded herself. Hindi makakatulong kung sasabihin niyang wala na itong magagawa sa kanila ng kanyang ina. But the nagging itch to say it was there. Gusto niyang isampal sa pagmumukha ng lalaki na hindi na siya nito matatakot, na hindi na *сила* nito matatakot. She’d been scared of him for more than half of her life. She would be damned if she let him scare her again.

“Go f*ck yourself, dickhead—”

“Don’t forget what I can do, dear Olivia. How’s your little boyfriend?”

Lahat ng natitirang takot ay natunaw sa pagliyah ng poot sa kanyang sikmura. Naging pula ang kanyang paningin at kung naroon lang ang kausap sa harap niya, sigurado siyang nauka na niya ang mukha nito. Magpapahaba siya ng kuko. That would be her lethal weapon.

“Touch him again and I will cut your balls off and feed it to the dogs.”

Malakas itong tumawa at nakikita niya sa isipan ang pagguhit ng aliw sa matanda ngunit guwapo nitong mukha. That face could look respectable and dignified. Sigurado siyang hindi naghihinala ang board of directors at investors nito kung gaano karumi ang kaluluwa sa likod ng mukhang iyon.

“I miss the sweet little girl, but this fiery woman amuses me just the same. Stay away from him, Sweetheart. Don’t make me angry. I don’t want to get angry. You don’t want to make me angry. Be a good girl, Olivia.”

Namatay ang linya sa pagitan nila at umugong sa kanyang tainga ang mahabang beep ng dial tone. Namumutla ang kanyang kamao sa higpit ng hawak niya sa telepono. Pilit niyang niluwagan ang kapit ng mga daliri at ibinalik ang phone sa cradle.

It was his way to control her life, Cedric had said. Hindi na siya ten years old o sixteen years old at hindi na nito kayang kontrolin ang mga desisyon sa buhay niya. So the bastard wanted to keep her scared, to control even just a small part of her emotions.

Fury simmered in her blood but she forced herself to calm down. Matatapos na rin ito, pangako niya sa sarili. He would pay. He would pay for what he did to her, to her mother. To *him*.

Gumuhit ang sakit sa kanyang dibdib at tumarak iyon sa kanyang puso. Bumaon iyon doon na tila ba mga bubog na gawa sa yelo. Idiniin ni Olivia ang palad sa dibdib para tulungan ang sariling huminga. Hot tears prickled her eyes and she blinked them back. No tears.

Bumalik siya sa pag-aayos ng mga gamit.

Kailangan niyang gumising nang maaga bukas. Marami siyang kailangang tapusin. Her mom needed her. Muli, inisip niya kung tama ang pasya niya na huwag sumama rito sa bahay ni Cedric. Pero agad din niyang ipinilig ang ulo sa option na iyon. The bastard would smell their plan if she ditched her apartment. Malalaman nito kung nasaan ang mom niya. Malalaman nitong alam niya kung nasaan ang kanyang ina. Masyado iyong delikado.

May nag-doorbell sa kanyang pinto.

Tumindig ang mga balahibo niya at hinagilap niya ang *Glock* sa tabi ng phone. Dapat ay nakatulong ang bigat at lamig ng baril sa kanyang palad, pero hindi niyon mapawi ang pagragasa ng takot at galit sa kanyang sikmura.

“He wouldn’t,” pakli ni Olivia.

Pero ano ba ang alam niya? The bastard was

Shattered Memories - Dior Madrigal

crazy. Dangerous. Sick. Vile. Kumpadre nito ang mga demonyo sa impyerno. Hindi siya magugulat kung mapagpasyahan nitong dalawin siya at ituloy ang sinimulan nito noong sixteen years old siya.

But she was not sixteen years old anymore.

Hawak ang baril at mabilis ang paghinga, tahimik na tinungo ni Olivia ang pinto.

Hindi siya inalerto ng mga bodyguards na inupahan niya na nagkakampo sa katapat na unit. Ibig sabihin noon ay malabong si Fausto Mendoza o ang mga galamay nito ang nasa labas ng pinto.

Puwedeng delivery boy lang iyon at nagkamali ng address.

Or the slimy bastard could have slipped past the bodyguards.

Humigpit ang hawak niya sa baril at sumilip sa peephole.

Muntik niyang mabitawan ang baril. She sucked in air, her poor heart hammering like crazy inside her chest.

The hard look in the man's eyes told her he knew she was looking at him.

Muli itong nag-doorbell.

Gusto niyang umatras pero tila ipinako sa malamig na sahig ang mga paa niya. Kailangan niyang humawak sa dingding para hindi siya matumba. Muli itong nag-doorbell at sa matalim na titig nito, mukhang nauubusan na ito ng pasensya.

Typical Inigo.

Namimilog ang mga matang naglandas ang tingin ni Olivia rito. A faint pink line ran across his right temple. The wound didn't look so bad now, pero alam niyang iyon ang dahilan kaya kailangan itong ilagay sa coma sa loob ng halos dalawang linggo. But he didn't look like he just came out of a coma. Medically induced or not, a coma was a coma. At ang makita itong walang malay at duguan na itinutulak sa gurney ay isang bangungot na ayaw niyang maalala. She would gladly suffer through all the other nightmares so long as it wasn't that one.

But he looked good now, she thought with sharp relief. Good as ever. No visible bruises, no blood on his aristocratic forehead, no smudge of smoke across the strong lines of his face. His thick dark hair looked casually messy, as if a lover had just ran her fingers through his locks.

Shattered Memories - Dior Madrigal

Kumalat sa kanyang isipan ang imahe ni Natalie na isinusuklay ang mga daliri sa buhok ni Inigo.

“Open the door, Olivia.”

Sa pagkakataong iyon ay napaurong na siya.

Narinig niya ang pag-click ng lock at hindi niya napigilang mapapitlag. “Son of a bitch.”

Itinulak nito pabukas ang pinto bago pa niya masipa iyon pasara ulit. Pumasok ito sa loob na para bang constitutional right nito ang pagpasok sa bahay niya.

“Goddammit, Inigo.”

His scent hit her like a physical blow, and she had to brace herself to stop herself from stumbling.

Malamig ang mga mata nito sa kanya. “You forgot that I own the place.”

I’m renting it, dapat niyang ibato rito, pero hindi niya magawa.

She couldn’t take her eyes off him. His golden skin, his chiseled mouth, his piercing eyes. A sweet ache burned in her gut and she was furious to find her eyes stinging with tears again.

She told her heart to stop beating so fast, but it

was futile. It never did stand a chance against him. It flipped and fluttered and spluttered. It was nothing but a pathetic simpering muscle whenever he was around.

“What...what are you doing here?”

Humakbang ang binata palapit kay Olivia nang makita ang pamumula ng mga mata niya. Pero umatras siya.

Anger, resentment, frustration—she wasn’t sure—they flashed across his eyes in a heated flicker. Then they were gone, leaving his eyes flat and cold. Bumaba ang mga mata nito sa kanyang kamay at naningkit. Tumaas ang sulok ng mga labi nito. “You’re planning to use that on me?”

